Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF BULALACAO
Province of Oriental Mindoro
-oOo-

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF BULALACAO, ORIENTAL MINDORO HELD ON APRIL 3, 1991 AT THE MUNICIPAL BUILDING

PRESENT: Hon. Guillermo H. Salas - Municipal Mayor/Presiding Officer
Hon. Ludovico C. Silang - Vice Mayor
Hon. Rey T. Amparo - Councilor
Hon. Miguel R. Villqr Jr. - Councilor
Hon. Elmo M. Baculinao - Councilor
Hon. Leodigario Gonzales - Councilor
Hon. Emilio T. Gregorio - Councilor
Hon. Nenito S. Ambong - Councilor
Hon. Meynardo S. Bago - Councilor

ABSENT: Hon. Trinidad F. Andres - Councilor-on leave to U.S.

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

Scanned with CamScanner

KAPASIYAHAN BLG. 30

NA HUMIHILING SA INHENYERO NG DISTRITONG PAMBAYAN, KAGAWARAN NG PAGAWAIN (DPWH) CALAPAN, SILANGANG MINDORO NA IDUGTONG ANG PAGSESEMENTO NG PROVINCIAL ROAD SA DATI NANG YARING SEMENTADONG PROVINCIAL ROAD DITO SA BULALACAO

SAPAGKAT, napag-alaman ng Sangguniang Bayan na ang pagsesemento uli ng Kalsadang Panlalawigan ay magsisimula sa ginagawang Pagamutan sa Sityo Maradanum, Barangay Campaasan, sakop ng bayang ito;

SAPAGKAT, mayroon nang sementadong kalsadang Panlalawigan na ginawa mula sa harap ng Pamilihang bayan na ang haba ay 300 metro humigit kumulang;

SAPAGKAT, nais ng mamamayan at ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao na ang pagsesemento uli ng kalsadang panalalawigan ay idugtong sa sementado nang nasabing kalsada sa sumusunod ng mga dahilan:

a) Na, sa kasalukuyan lubos na nahihirapan ang mga nag-aaral at mga guro sa paglalakad papuntang mataas na paaralan lalo't higit kung tag-ulan at masiyadong mabato, maputik at laubak-lubak pa ang kalsadang ito;

b) Na, ang itinatayong pagamutan ay hindi pa naman yari at hindi pa ito magagamit agad;

c) Na, kung ang pagsesemento ng nasabing kalsada ay idugtpng sa dati nang sementadong Provincial road marami ang magkaka-interest na bumili ng Tricycle at Tri-bike para maghatid ng mga nag-aaral, mga guro papuntang paaralan at ng mga tao na naninirahan sa tabi ng kalsadang ito;

Scanned with CamScanner

d) Na, ang Provincial road na ito ang pinaka akupadong kalsada (busiest street) dahil sa dito laging maraming dumadaang tao, kung kaya ito ang dapat ang mabigyan ng prayoridad;

e) Na, magkakahanap buhay ang mga tao at magiging maalwan pa para sa mga guro, mag-aaral, magulang at mga tao ang mag-aroot parito sa Bulalacao Municipal Highs School kahit anong oras;

f) Na, isa sa programa ng Gobyerno ay se,ementuhin ang mga Provincial road;

g) Na, kung ang Provincial road ia ito ang dudugtungan sa pagsesemento kaunti na lang ang haba na matitira upang maging sementadong lahat ang nasabing kalsada;

DAHIL DITO, pinagsiyahan ng Sangguniang Bayan na hihilingin sa Inhenyeron ng Distritong Pambayan, Kagawaran ng Pagawain (DPWH) kay Gobernador Bejamin I. Espiritu, Calapan, Silangang Mindoro, sa Department of Budget and Management, Quezon City, Metro Manila sa Tanggapan ng COA, Calapan, Silangang Mindoro at kay Kinatawan Jesus Punzalan ng Segundo Distrito, Silangang Mindoro na idugtong sa sesemento nang kalsadang Panlalawigan ang pagsesemento uli ng nasabing kalsada;

PINAGPASIYAHAN PA, ang kapasiyahang ito ay ipadadala sa Inhenyero ng Distritong Pambayan, Kagawaran ng Pagawain (DPWH), Calapan, Silangang Mindoro kay Gobernador Benjamin Espiritu, sa Department of Budget and Management, Region IV, Quezon City, M.M. sa Tanggapan ng COA, Calapan, Silangang Mindoro at kay Kinatawan Jesus Punzalan ng Segundo Distrito, para sa kanilang konsiderasyon at kaukulang hakbang. .

Sa mungkahi ni Kagawad Miguel R. Villar Jr. at pinangalawahan ni Kagawad Elmo M. Baculinao, ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng lahat. .

PINAGTIBAY NG LAHAT

April 3, 1991
X - - - - - - - - - - -X

HON. GUILLERMO H. SALAS
Punong Bayan
Taga pamahala ng Pagpupulong

HON. LUDOVICO C. SILANG
Vice Mayor

HON. REY T. AMPARO
Councilor

HON. MIGUEL R. VILLAR JR.
Councilor

HON. LEOBIGARIO GONZALES
Councilor

HON. ELMO M. BACULINAO
Councilor

HON. EMILIO T. GREGORIO
Councilor

HON. PANGANIBAN MAYOT
Councilor

HON. NENITO S. AMBONG
Councilor

HON. MEYNARDO S. BAGO
Councilor

EDUARDO A. BURUANGA
Municipal Secretary

Scanned with CamScanner